# Buong Saklaw na Medi-Cal para sa mga Matatandang 50+

*Ang bagong batas ng California ay nagpapahintulot sa lahat ng karapat-dapat na residente ng California na may edad na 50 at mas matanda na makakuha ng libreng buong saklaw ng Medi-Cal anuman ang katayuan sa imigrasyon!*

## Mag-sign Up na Ngayon!

### Nagbibigay ba ang gobyerno ng California ng Medi-Cal?

*Oo. Ang Medi-Cal ay segurong pangkalusugan ng Estado para sa mga taong may mababang kita.*

### Maaapektuhan ba ng Medi-Cal ang aking katayuan sa Imigrasyon?

*Hindi. Ang mga benepisyo ng Medi-Cal (maliban sa nursing home o pangangalaga sa institusyong pangkalusugan ng isip) ay hindi makakasama sa katayuan sa imigrasyon ng isang indibidwal. Makipag-ugnayan sa L.A. County Office of Immigrant Affairs para sa iyong mga katanungan sa imigrasyon sa: 1-800-593-8222 o sa pamamagitan ng pagbisita sa: oia.lacounty.gov.*

### Ano ang makukuha sa buong saklaw na Medi-Cal?

*Ang "Buong Saklaw" na Medi-Cal ay segurong pangkalusugan na sumasaklaw sa:*

- *Mga pagbisita sa doktor*
- *Ngipin*
- *Pangangalaga sa paningin (mata)*
- *Mga appointment sa epesyalista*
- *Pangangalaga sa kalusugan ng isip*
- *Mga serbisyo sa karamdaman sa paggamit ng sangkap*
- *Mga inireresetang gamot at mga kagamitang medikal*
- *Pangangalaga sa bahay*
- *Transportasyon sa mga appointment*
- *At marami pang iba*

### May babayaran ba ako?

*Para sa karamihang indibidwal at pamilya, walang gastos.*

### Paano ako makakapag-aplay sa Medi-Cal?

**Tawagan ang iyong klinikang pinupuntahan.**

- Ang iyong klinikang pinupuntahan ay maaaring makatulong sa iyo na mag-aplay para sa Medi-Cal. Hanapin ang iyong MHLA home clinic sa: dhs.lacounty.gov/mhla.

**Maaari ka ring tumawag sa:**

- Community Health Outreach Initiative sa (213) 749-4261
- BAILA Network sa (888) 624-4752 o BAILAnetwork.org
- LA County DPSS sa (866) 613-3777 o Benefitscal.com

**Mangyaring huwag maghintay. Mag-aplay para sa Medi-Cal ngayon.**